# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 10, 2022, LUNES, IKA-9:37 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |

RELEASED NAME: DATE: 02/09/22 TIME: ____ SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA

RECORDED By: Date: 08 FEB 2022 Sangguniang Bayan Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 058-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 121-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 24-T2021 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNARAAN SAMPUNG LIBO APATNARAAN SIYAMNAPU'T LIMANG PISO (P610,495.00) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2022 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY PATIMBAO, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 121-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 24-T2021 ng Barangay Patimbao ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P610,495.00 mula sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang taong 2022 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P427,346.60) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P183,148.50) ng Barangay Patimbao, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri,

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 121-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 24-T2021 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P610,495.00 mula sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang taong 2022 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Patimbao, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 10, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 02-04-22
Punong Bayan